

► Ang balangkas ng kalidad ng Waiver ng HCBS

Ang mga layunin ng Waiver ng HCBS ay tiyakin ang pagpili ng kliyente ng mga serbisyo ng waiver, ang kasiyahan ng kliyente, at magbigay ng mga kasiguruhan para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng bawat kliyente ng programa. Naisasakatuparan ang mga layunin na ito gamit ang sumusunod na balangkas ng kasiguraduhan sa kalidad na nakatutok ang pansin sa:

- Mga karapatan ng kliyente sa due process (makatarungang proseso), sa mga hinaing at sa mga personal na pagpapasya
- Pagpapalano ng serbisyong nakasentro sa tao, at mga pagbabago ng serbisyo na nakaayon sa mga nagbabagong pangangailangan.
- Pagpili ng mga kliyente ng mga kwalipikadong provider at ang pagsubabay ng regional center sa mga provider.
- Kalusugan at kaligtasan ng kliyente.
- Madali na proseso ng pag-enroll. Tinutukoy ng regional center ang kwalipikasyon para sa Waiver ng HCBS batay sa kasalukuyang kalagayan ng Medi-Cal, antas ng pangangailangan sa pangangalaga ng indibidwal at indibidwal na pagpili. Maari ring piliin ng kliyente na magpatanggal o itigil ang kanilang paglahok sa Waiver sa anumang panahon.



SAN DIEGO REGIONAL CENTER LOKASYON NG MGA OPISINA

Pangunahing Punong-himpilan

4355 Ruffin Road, Suite 200
San Diego, CA 92123

858-576-2996

www.sdrc.org

County ng East San Diego

8760 Cuyamaca Street, Suite 100
Santee, CA 92071

619-596-1000

County ng South San Diego

2727 Hoover Avenue, Suite 100
National City, CA 91950

619-336-6600

County ng North San Diego

5931 Priestly Drive, Suite 100
Carlsbad, CA 92008

760-736-1200

County ng Imperial

512 West Aten Road
Imperial, CA 92251

760-355-8383



SAN DIEGO REGIONAL CENTER

Naglilingkod sa mga Indibidwal
na may mga Kapansanan sa Pag-unlad
sa mga County ng San Diego at Imperial

*Orihinal na binalangkas ng California
Department of Developmental Services -
Setyembre 2004*

**Waiver ng mga
Serbisyo na
Nakabase sa
Tahanan at
Komunidad
para sa mga
Indibidwal na
may Kapansanan
sa Pag-unlad**

WAIVER NG HCBS



Naglilingkod sa mga Indibidwal
na may Kapansanan sa Pag-unlad
sa mga County ng San Diego at Imperial

Mga katotohanan tungkol sa

► **Ano ang Waiver ng mga Serbisyo na Naka-base sa Tahanan at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS)?**

Ang Waiver ng HCBS ay isang paraan para mapondohan ang ilang mga serbisyo para matulungan ang isang tao na may kapansanan sa pag-unlad na tumira sa tahanan o sa komunidad sa halip na manirahan sa isang lisensyadong pasilidad sa kalusugan.

Magkatuwang ang programang Medicaid ng pamahalaang pederal at ang estado ng California sa pagpondo ng mga gastusin ng serbisyo ng ito.

► **Ano ang ibig sabihin ng “waived” (ipinawalang bisa)?**

Ang ilang mga pederal na pamantayan ng Medicaid ay “waived” (ipinawalang bisa), upang mapahintulutan ang estado na mabigyan ng serbisyo ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad sa mga paraan na hindi natatanggap ng ibang taong naka-enroll sa Medicaid (tinatawag na Medi-Cal sa California). Ang isang pederal na kondisyon ng Waiver ay ang maging magkaiba ang mga tulong at serbisyo na ito sa mga maaaring makuha sa pamamagitan ng Medi-Cal.

► **Kailangan bang kabilang ako sa Waiver para makatanggap ng mga serbisyo ng regional center?**

Kung ikaw o ang iyong pamilya ay kwalipikado para sa Waiver ng HCBS, mabuti na mag-enroll dito. Sa ganitong paraan, mababayaran ng pederal na programang Medicaid ang bahagi sa karamihan ng mga serbisyo na iyong napili. Karaniwang nangangahulugan ito na maaaring makatanggap ng mga serbisyo ang mas maraming tao na katulad mo at miyembro ng iyong pamilya.

Nakasalalay sa iyong pagpapasya ang pag-enroll sa Waiver ng HCBS. Hindi tulad sa mga ibang estado na itinatangi ang mga serbisyo sa mga taong sumasailalim sa Waiver ng HCBS, ipinagkakaloob ng mga regional center ng California ang kabuuang saklaw ng mga serbisyo na pinondohan ng estado sa lahat ng kwalipikadong tao.

Kung kwalipikado ka – at pinili – na mag-enroll sa Waiver ng HCBS o hindi, makatanggap ka o ang miyembro ng iyong pamilya ng kaparehong pagpaplanong nakasentro sa tao, mga oportunidad para mamili ng mga serbisyo at mga provider, at makakasiguro kayo na pareho ang kalidad ng pangangalaga.

Upang manatiling naka-enroll sa Waiver ng HCBS, kailangang matugunan ang mga panuntunan sa pagiging kwalipikado sa Waiver ng HCBS at kailangang magamit ang ilan sa mga serbisyo na pinondohan ng regional center na tinukoy sa Individual Program Plan.

► **Sino ang nakatanggap ng mga benepisyo sa Waiver ng HCBS?**

Para makatanggap ka o ang miyembro ng iyong pamilya ng mga benepisyo ng Waiver ng HCBS, kailangang matugunan ang tatlong kondisyon. Una, kailangan na mayroon kang kwalipikasyon na “full scope” (may kabuuang saklaw) sa Medi-Cal – pwedeng sa pamamagitan mo, o sa kwalipikasyon ng iyong pamilya, o kung mas mababa ang edad mo sa 18, sa pamamagitan ng “institutional deeming” (tingnan sa ibaba). Pangalawa, dapat na mayroon kang pormal na diagnosis ng kapansanan sa kaisipan o pag-unlad at dapat kliyente ka ng regional center. Pangatlo, maaari kang makinabang sa isang antas ng pangangalaga sa isang lisensyadong pasilidad sa pangagalagang pangkalusugan para sa mga tao na may kapansanan sa kaisipan o pag-unlad. Importante ang pangalang kwalipikasyon na ito dahil dinisenyo ang Waiver ng HCBS na tulungan ang indibidwal na manatili sa komunidad at makatanggap ng mga kinakailangang serbisyo.

► **Ano ang Institutional Deeming?**

Ang Institutional Deeming ay espesyal na tuntunin ng kwalipikasyon ng Medi-Cal na isinasaalang-alang lamang ang personal na kita at mapagkukunan ng isang tao na mas mababa ang edad sa 18 o isang may-asawa na adult na kwalipikado rin sa Waiver. Pinapayagan nito ang isang tao na nakakatugon sa pamantayan sa itaas na maging kwalipikado sa Medi-Cal nang hindi alintana ang kita o mapagkukunan ng kanyang mga magulang o asawa.

Makakatulong ito ng lubusan dahil karaniwang hindi kayang saklawan ng kita o insurance sa kalusugan ng pamilya ang kabuuang gastos ng mga kinakailangang serbisyo.

Sa pamamagitan ng mga tuntunin ng “Institutional Deeming,” ang bata na may kapuna-punang epekto ang kapansanan sa pag-unlad sa kanyang mga kapabilidad ay maaari na ngayong makatanggap ng mga benepisyo ng Medi-Cal para sa mga kinakailangang serbisyo nang hindi alintana ang kita.

Pinapahintulutan din nito na maging kwalipikado ang anak sa lahat ng mga serbisyo ng Medi-Cal - hindi lamang sa mga serbisyo ng ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Waiver ng HCBS. Naangkop ang kwalipikasyon na ito hangga’t naka-enroll ang indibidwal sa Waiver at gumagamit ng ilang serbisyo na pinopondohan ng regional center.